# "Ang Daga"

**Sinopsis**

Isang dagang bukid ang nakapasok sa isang bahay kung saan pinaglalamayan ang kamamatay pa lamang na ina ng tahanan. Hindi sinasadyang ang daga ay nagdulot ng kagaangan ng kalooban, at sa huli'y kasiyahan, sa amang namatayan, at ito ay inalagaan ng pamilya, hangggang sa ito ay lumaki nang lumaki at nagsimulang mabuhay na parang tao, at mag-isip na parang tao.

ANG NANAY—ang "ilaw ng tahanan"—ay mahal na mahal nilang lahat kung kaya naman nang binawian ito ng buhay dahil sa isang mahiwagang karamdaman na hindi pa rin maipaliwanag ng siyensa, labis nila itong ikinabigla at ang matinding kalungkutan ay halos ikamatay nilang lahat—ang Tatay at ang apat na magkakapatid na pawang may mga edad na at may kani-kanya na ring pamilya.

Sukat doo'y bumuhos ang pakikisimpatiya ng maraming tao—mula sa mga kapitbahay hanggang sa pinakamalalayong kamag-anak na nagmula rin sa malalayong lugar, sapagkat ang Nanay ay nakilala nila bilang isang napakabuting tao at marami itong natulungan sa kanila at sila ay pawang napabuti ang kalagayan sa buhay nang dahil sa kaniya.

Sa pagkamatay ng Nanay at sa lamay nito—gaya ng sa iba pang patay at lamay sa lalawigang iyon—sari-saring pamahiing nakaugalian na ang inalala at sinunod ng lahat. Agad na tinakpan ng mantel o ng kahit anupamang tela ang mga salamin sa kabahayan. Itinalikod din ang mga larawang nakasabit sa mga dingding at itinaob ang mga litratong nakapatong sa mga mesa at kabinet. Pirming nakabukas ang pintuan ng bahay, hindi pinapatay ang mga ilaw na tumatanglaw sa ataul at lagi nang may taong naiiwang bantay dito—hindi pwedeng iwanan o tulugan ang pagbabantay. Pansamantalang ipinagbawal ang pagwawalis sa loob at labas ng bahay—iyon ang isang mahigpit na bilin ng mga matatanda. Dahil dito'y kumapal ang dumi at alikabok sa sahig ng bahay. At sa tuwing may natatapong tubig o kahit na anong inuming pampalamig sa sahig, nagpuputik iyon at oras na matuyo ay nanlalagkit. Tanging ang

mga pinagkainan, mga basong ininuman, at kung anu-ano pang kalat na madadampot ang naililigpit.

Isang gabi, sa gitna ng paglalamay ng lahat, isang dagang bukid mula sa labas ang nakapasok sa bahay at nagpagala-gala sa buong kabahayan. Ang daga marahil ay bata pa sapagkat singlaki ito ng isang tutang bagong panganak, at sa hindi-maipaliwanag na kadahilanan, tila hindi ito nakararamdam ng takot sa gitna ng maraming tao na sa kaniya'y nakapalibot, bagkus ay patigil-tigil pa ito sa kalagitnaan ng sahig at paminsan-minsa'y inaamoy-amoy ang hangin sa tuwing nag-aangat ito ng mukha.

Kahit pa ang mga taong nakikiramay ay nangabigla rin, wala naman ni isa sa kanila ang nangahas na bugawin ang daga o pansinin man lang ito. Isa sa magkakapatid ang muntik nang tumayo para bugawin ang daga, subalit agad siyang pinigilan ng katabi niyang matandang babae at ipinaalala sa kaniya ang pamahiing hindi raw dapat pinapatay o binubugaw man lang ang kahit na anong hayop—maging langaw, langgam, ibon o daga pa iyon—na mangyaring mapunta sa isang lamay. Sa mga iyon daw ay nananahan ang espiritu ng taong namayapa at sa magkagayo'y dapat silang hayaan na lamang at huwag nang pakialaman.

Noon ay nakabantay din sa ataul ang Tatay, at marahil ay sa gitna ng kaniyang pagkabagot at kalungkutan, nakatuwaan niyang pumunit ng isang pinalamanang tinapay at ang kapiranggot niyon ay inihagis niya sa kinaroroonan ng daga. Agad iyong nilapitan ng daga at, imbes na umalis na upang kainin nang ligtas at payapa ang

pagkain ay hindi ito umalis. Inubos nito ang piranggot ng tinapay kung saan niya ito natagpuan at pagkatapos ay muli itong nag-angat ng mukha upang tila amuy-amoyin ang hangin sa paligid.

Muling naghagis ng tinapay sa daga ang Tatay, bagamat mas malapit na lamang ang pagkakahagis niya, at pagkakain nga ng daga sa huling inihagis ay naulit pa itong muli, hanggang sa makalapit na nga nang tuluyan ang daga sa ama ng tahanan, at ang Tatay ay nagpaunlak na ng isang buong hiwa ng tinapay sa daga, at ang daga naman ay walang takot na nanginain mismo sa kaniyang palad. Sa ilang araw na puno ng pagtangis at labis na kalungkutan, muling sumilay sa mukha ng Tatay ang isang nasisiyahang ngiti, at ang mga taong nakamasid sa dalawa—sa matanda at sa daga—ay nasiyahan na rin.

Matapos ang gabing iyon ay muli't muling dumalaw ang daga sa burol ng Nanay, at ang Tatay naman, sampu ng mga bisitang naroroon, ay bukas-loob na tinatanggap ito, at ang Tatay ang pinakamagiliw sa kanilang lahat sa pagtanggap dito. "Narito na muli ang Nanay," nakangiting sabi niya sa lahat, at sa harap ng daga ay ihahain na niya ang isang pinggang nalalatagan ng iba't ibang pagkaing handa sa lamay, at pinapanood niya ang pagkain nito, at pagkatapos ay uupo siya sa paborito niyang upuan, at ang daga ay paparoon din upang samahan siya sa kaniyang tabi.

Isang linggo ang lumipas simula nang iburol ang bangkay ng Nanay, subalit hindi pa rin ito mailibing sapagkat may mga kamag-anak pa raw ito mula sa malalayong lugar na gusto pang humabol at makita ito bago ito mahimlay sa huling

hantungan. Ang magkakapatid ay nababagot na at payag na payag nang mailibing ang kanilang ina matapos ang napakahabang linggong iyon, subalit ang Tatay ay hindi alintanang patagalin pa ang burol, tila nangangambang baka pagkatapos mailibing ng kaniyang asawa'y hindi na niya muling makita pa ang bisitang daga.

Kung kaya't ilang araw pa nga ang muling lumipas—halos isang linggo—at nang ang lahat ng hinihintay ay nakarating na, napagpasyahan na ngang ilibing na ang Nanay, at nairaos na nga ito. Muling nanumbalik ang kalinisan sa bahay ng mag-aama, subalit mula noon ang daga ay hindi na umalis. Doon na ito tumira at sa araw-araw na nabubundat ito sa dami ng kinakain, ito ay lumaki nang lumaki—noong una'y singlaki ng pusa, at natakot na rito ang mga pusa, at isa-dalawang buwan pa ay naging singlaki na rin ito ng aso, at natakot na rin dito pati ang mga aso.

At ang Tatay ang pangunahing tagapag-alaga nito. Hindi niya ito hinahayaang makalabas nang nag-iisa dahil baka ito raw ay katakutan at patayin ng mga tao, o 'di kaya'y masagasaan ng rumaragasang sasakyan. Hindi niya rin ito pinakakain ng tira-tirang pagkain sapagkat ito nga raw ay espiritu ng kaniyang asawa, at bakit daw ito pakakainin ng tira-tira lamang?

At dahil ang daga ay daga at nalikha upang gumawa ng mga gawaing pang-daga, hindi nito mapigilan ang manira ng mga gamit sa bahay ayon na rin sa kaniyang kalikasan. Upang mapigilan ang labis na paglaki ng mga ngipin nito, kaliwa't kanang pagngangatngat ang ginagawa nito sa buong kabahayan—sa kusina, sa kwarto, sa garahe, sa komedor…at ang lahat ng kapinsalaang ito'y tila hindi rin alintana ng Tatay.

Makailang ulit na ikinagalit ito ng magkakapatid at hindi-miminsang iminungkahi nila sa ama na ikulong na lamang ito sa isang kural na bakal para hindi na ito makapaminsala pa. Subalit tila bingi at bulag ang Tatay sa hinaing ng mga anak, bagkus ay ipinagtatanggol pa niya daga: “Paano ninyo naaatim na ikulong sa isang kural ang espiritu ng inyong ina?” At sa ganitong katanungan ay wala ni isa sa magkakapatid ang nais pang makipagtalo sa ama, hindi dahil sa naniniwala rin silang sa daga ngang iyon nananahan ang espiritu ng kanilang ina, kundi dahil ayaw nilang pumasok pa sa isang walang-katapusang argumento sa ama na hindi rin nila alam kung paano makukumbinseng taliwas ang katotohanan sa pinaniniwalaan nito.

At sila nga ay nag-isip nang nag-isip kung ano kaya ang pinakamabuting gawin upang mawala na nga ang daga sa kanilang buhay, subalit sumakit na ang ulo nila’y wala pa rin silang maisip. Hanggang sa nagsalita na nga ang isa sa mga anak nila, siya na baguntao at nasa rurok pa ang pagkahilig sa mga *cell phone*, Facebook, at kung anu-ano pang makabagong teknolohiya. At sinabi niya sa kanila na kung hindi man nila magawang mapa-alis ang daga, mainam pa siguro na gamitin na lamang nila ito upang sumikat, makilala at kumita sila mula sa pagiging kakatwa nito. Sa ganitong suhestyon ay nangagkasundo nga silang lahat. Nagkunwari silang mabait sa daga at ito’y kinuhanan nila ng mga *video* at ang mga *video* ay ikinarga nila sa Youtube at ipinamalita sa Facebook at sa kung saan-saan pang *social networking sites*.

Mabilis na kumalat nga sa internet ang mga *video* na kinatatampukan ng daga, at maging ang mga kapit-bahay ng pamilya na miminsan lamang makita ang daga dahil

sa bihira nitong paglabas ng bahay ay nagulat din sa labis-labis nitong paglaki. Pati ang mga dyaryo, radyo at telebisyon ay ninais na ring ibalita ang kakaibang uri ng daga, at sila nga ay nangagpuntahan sa lalawigang iyon upang kapanayamin ang pamilya at makunan din ng larawan at *video* ang dagang may pambihirang laki.

Sa lahat ng ito'y nagagalak din ang Tatay bagamat may pag-aalinlangan siya na baka isang araw ay may ilang taong gobyerno ang sumadya sa kanila upang kunin ang daga mula sa kaniya, ikulong ito sa isang laboratoryo at saksakan ng kung anu-anong gamot bilang eksperimento. At dahil sa ganitong agam-agam ay kinakalong ng Tatay ang daga, niyayapos-yapos at hinahalik-halikan pa ito sa tuwing siya ay kinakapanayam sa telebisyon o kaya'y kinukunan ng larawan para sa mga babasahin, upang sa ganoong paraan ay maipakita niya sa lahat na ito na lamang ang tanging ala-alang naiwan sa kaniya ng kaniyang asawa at hindi siya makapapayag na basta na lamang itong mawalay sa kaniya.

"Bakit hindi ninyo siya isali sa *Guinness Book of World Records*?" minsa'y naitanong sa kanila ng isang reporter, at dito'y naisip ng magkakapatid na gayon nga ang gawin, at kinunan nila ng mga litrato at *video* ang daga at ipinadala nga ito sa *Guinness Book of World Records* kalakip ang iba't ibang sukat ng kalakihan nito.

Subalit hindi sila pinaunlakan ng *Guinness Book of World Records* sapagkat nagkataon kasing noong panahong iyon ay napag-alaman ng *Guinness* na ang pinakamalaking daga sa buong mundo ay matatagpuan sa bansang I______, at ito ay singlaki ng alagaing baboy—'di hamak na mas malaki sa kanilang daga. Bukod pa

riyan ay napag-alaman din ng magkakapatid na ang pagkakalagay sa *Guinness Book of World Records* ay wala namang premyong salapi, kung kaya naman ang magkakapatid ay nagngingitngit sa kanilang pagkadismaya, at muli ay hindi sila tumigil sa pagkumbinse sa Tatay na ipaubaya na lamang sa isang *animal shelter* ang pangangalaga sa daga.

At nagtalo nga sila, nagbangayan, at kahit pa nagmakaawa ang ama na ikalulungkot daw niya nang labis kung mawawalay ang daga sa kaniya, hindi naman natinag ang magkakapatid, bagkus ay binantaan pa nila ang kanilang ama na kung hindi raw ito papayag na ipamigay na ang daga, papatayin na lamang daw nila ito oras na malingat ang matanda mula sa pagbabantay rito. “At maano ba kung siya ay mapatay namin?” sabi pa nila. “Sasabihin naming hindi naman iyon sinasadya. At dito sa Pilipinas ay hindi naman labag sa batas ang pumatay ng daga.”

At ang Tatay ay napaniwala nila, at sa wakas ay pumayag na rin ang ama na ipaubaya na lamang sa Philippine Animal Welfare Society ang pangangalaga sa daga. Magdamag na nag-iiiyak ang matanda, nagdaramdam na siya raw ay mangungulila na naman sa asawa sa ikalawang pagkakataon, kahit pa makailang ulit na tiniyak sa kaniya ng mga anak na dadalasan nila ang pagdalaw sa daga sa pasilidad ng bureau at ang Tatay ay ipagsasama nila sa tuwing gagawin nila ito.

At nang umaga ngang iyon ng itinakdang araw ng kanilang paghihiwalay, ay naroon na nga ang mga tauhan ng organisasyon upang sunduin na nga ang daga. Ngunit bago sila makaalis ay hiniling ng Tatay na makapagpaalam muna sa daga sa

huling pagkakataon. Mangingiyak-ngiyak pa ang Ama habang nagpapaalam, samantalang ang daga naman ay parang batang paslit na matamang nakikinig sa sinasabi ng nakatatanda sa kaniya, at makailang ulit na tumatango-tango pa ito, tila naiintindihan ang bawat binibitiwang salita ng taong kausap.

At ang lahat ng nakamasid sa kanila ay pawang nangamangha sa usapang namamagitan sa dalawa, at isa sa mga siyentipiko na mula sa organisasyon ang nangahas na makisali sa usapan nila. Nagpakilala siya sa daga, nakipagpalagayang-loob dito, at pagkatapos ay tinanong niya ito ng mga pundamental na tanong na masasagot lamang ng "oo" at "hindi." At gaya nga ng sinapantaha niya, naiitindihan nga siya ng daga sapagkat tama lahat ng isinagot nito sa kaniya, kaipala'y nakakaintindi na nga ito ng wikang pang-tao. Sa huli'y tinanong niya ang daga kung nais ba nitong umalis na sa bahay na iyon, at bilang tugon ay umiling-iling ang daga, at ang ganuong pagpapahiwatig ay sumapat na nga sa mga kawani at tauhan ng organisasyon upang siya ay hindi na nila kunin pa. At sila nga ay umalis, at naiwan ang daga sa piling ng ama.

Ang lungkot na kanina'y nadarama ng Tatay ay dagling napalitan ng puspusang kaligayahan, at sukat doo'y nagwika itong tunay nga na ang espiritu ng kaniyang nasirang esposa ay nasa katauhan ng daga; na nadaig nito ang kamatayan at ngayo'y pinagsama silang muli hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay. Samantala'y gulumihanang-gulumihanan naman ang magkakapatid, bahagyang inuusig sila ng kanilang budhi nang dahil sa naging pagturing nila sa daga na sa ngayo'y higit-sa-

malamang ay maaaring espiritu nga ng Nanay nila na muntik na nilang ipamigay upang alagaan bilang hayop sa isang pasilidad na malamig at salat sa pagmamahal.

Ilang araw pa ang lumipas at muli ay pumaimbulog na naman ang kasikatan ng daga, sapagkat isang video ng "pakikipag-usap" ng daga sa Tatay at sa siyentipiko ang kumalat muli sa internet, at dumagsa na muli sa kanilang tahanan ang mga reporter, photographer at camera crew upang ibalitang muli ang kakatwang abilidad ng daga. At sa isa ngang pagkakataong kinukunan ito ng video para sa isang panghapong balita sa telebisyon, ay muling namangha ang lahat nang imbes na tumango lamang ang daga ay nagbitaw ito ng katagang "Opo" sa tinig na singtinis ng trumpeta, at imbes na umiling bilang sagot sa isa pang tanong, nagsalita ito ng "Hindi po," at doon na nga nagsimula ang lalong pagsikat ng daga.

At noon na nga nagsimula ang "lagnat" na sumiklab at kumalat na parang epidemya sa buong sambayanan. Sapagkat bukod sa "opo" at "hindi po," nakakapangusap na rin ang daga sa matatas na Tagalog, at ang mga reporter at media ay na-engganyong kausapin at usisain siya: Kung ano ba talaga siya—tao o daga?; kung nananahan nga ba sa kaniya ang espiritu ng "ilaw ng tahanan" ng pamilya; kung paano siya natutong makaitindi at makapagsalita ng wikang pang-tao; at kung anu-ano pang kuryosidad na ipinupukol sa kaniya sa pagbabaka-sakaling sa mga sagot niya nakasalalay ang susunod na "lakbayin ng kaalaman ng sangkatauhan."

At ang daga, na ngayo'y makisig na makisig para sa isang dagang nabibihisan ng kasuotang pang-tao, ay tumugon naman nang may buong katapatan sa mga tanong

nila: siya raw ay daga—hindi raw ba halata?; hindi raw niya alam kung kaninong espiritu ang dapat na manahan sa kaniya, pero hindi raw siya ang "Nanay" ng pamilya sapagkat, unang-una, siya ay lalaking daga, at pangalawa, hindi pa raw siya handang mag-asawa at magkapamilya; na hindi niya alam kung paano niya natutunang umintindi at magsalita ng wikang pang-tao, na marahil ay *magic* daw 'yon, at hindi pa niya alam kung paano ipaliwanag ang *magic* at ang iba pang mga kahiwagahan at misteryo ng buhay; na huwag daw siyang asahan pagdating sa mga susunod na "lakbayin ng kaalaman ng sangkatauhan" sapagkat siya raw ay daga na natuto din lamang mula sa kaalaman ng mga tao kung kaya't kung sa mga tulad din daw niya aasa ang sangkatauhan para sa kaalaman nila, ikinakatakot niyang baka maging atrasado lamang ang pagyabong ng sibilisasyon sa mundo.

Sa mga sagot na ito'y natiyak ng lahat na ang daga ay daga nga lamang na nakakapag-isip at nakapagsasalita—hindi isang "propeta," gaya ng inaasahan ng iba. Subalit ang lahat ay nabighani pa rin sa katapatan at katalinuhan niya, at hindi man daw siya "propeta," siya naman daw isang pilosopo na "may higit na katalinuhan kaysa karaniwan."

Sa pagkakataong ito, ang daga ay binigyang-pansin na rin sa wakas ng *Guinness Book of World Records*, at siya ay itinala nila sa kanilang libro bilang "Kauna-unahang Daga na Nakapagsasalita at Nakakaintindi ng Wikang Pang-tao." Ang pamilya ay ginantimpalaan ng halagang P50,000 mula sa lokal na gobyerno, at ang magkakapatid, sa wakas, ay nakuntento at nasiyahan na rin sa daga na ngayo'y sinimulan na nilang

ituring bilang bunsong kapatid, at napagpasiyahan nga nilang lahat na siya ay ampunin na at pabinyagan sa isang simbahan, na siya ngang nangyari isang Linggo nang umaga, at simula noon, ang daga ay kinilala sa pangalang "Greg."

Gaya ng nakaugalian sa mga binyagan sa Pilipinas, maraming kinuhang importanteng tao upang maging ninong at ninang ni Greg at karamihan sa mga ito ay mga artista at pulitiko, kabilang na ang presidente ng bansa na siyang naging panauhing pandangal nang araw na iyon. Syempre pa, halos walang inilabas na salapi ang pamilya para gastusan ang okasyon: ang lahat ay inako ng mayor at gobernador ng lalawigan, at ang dahilan nila, unang-una, ay upang maging karapat-dapat ang selebrasyon sa pagbisita ng pangulo ng bansa at ikalawa, upang pasalamatan at parangalan ang daga sa tulong nito sa pagpapasigla ng turismo sa lalawigan. Noon ngang araw na iyon ay tinanggap din ni Greg mula sa gobernador ang titulong "Ikinararangal at Pinagpipitaganang Mamamayan ng Lalawigan ng __________," at isa sa mga regalong natanggap niya ay isang de-kuryenteng hasaan para sa kaniyang mga ngipin, upang hindi na siya magngatngat at manira pa ng mga gamit at muwebles sa kanilang bahay.

Sa kanilang lahat, ang Tatay ang pinakanagagalak, at noong una pa mang nalaman niyang marunong magsalita si Greg ay sinimulan na niyang turuan ang daga na bumasa at sumulat na siya namang mabilis na nagawa nito. At hindi nga nagtagal ay marunong na rin itong magbilang at magkwenta at madalas ay kasa-kasama na rin ito ng pamilya sa panonood ng telebisyon, at ang paborito nitong palabas ay ang pag-uulat

ng mga balita sapagkat dito'y napaglalalo niya ang kaalaman sa buhay-buhay ng mga tao, bukod pa sa katatasan niya sa wikang pang-tao. Paminsan-minsa'y nagtatanong-tanong ito o 'di kaya'y nagbibigay ng komentaryo sa kaniyang mga napapanood at madalas ay sinasabi pa niya ang mga saloobin sa wikang Inggles, at ang Tatay maging ang mga anak ay madalas na napapakamot na lamang ng ulo sa paghanga nila sa kaniya dahil walang-alinlangang naungusan na nga sila ni Greg pagdating sa talas ng isipan.

Sa puntong ito'y palagi nang nagsusuot ng damit pang-tao si Greg. Nakatatayo na at nakalalakad na rin siya gamit ang huling dalawang paa niya, at sa kaniyang pagtayo, siya ngayon ay singtaas na ng isang maliit na *matinee idol*. At dahil 'di hamak na mas malaki na siya ngayon kaysa sa karaniwang alagaing baboy, muling nagbalik ang *Guinness Book of World Records* sa Pilipinas upang ilipat na sa kaniya ang titulong "Pinakamalaking Daga sa Buong Mundo."

Sa tinatamasa niyang kasikatan, bukod pa sa madalas na mga panayam kasama ng media, nakasanayan na rin niya ang makatanggap ng kabi-kabilang alok upang siya ay maging artista o 'di kaya'y *commercial model* man lang para mag-endorso ng iba't ibang produkto: *fastfood*, damit, *shampoo*, sabon, *toothpaste*, Rexona, etc. (maliban sa lason sa daga), subalit ang lahat ng ito ay kaniyang tinanggihan. Inalok din siyang magsulat ng aklat—isulat ang kaniyang mga naging karanasan, ala-ala, at maging saloobin, subalit hindi niya lubos maisip kung ano raw ba ang maibabahagi niya sa

isusulat niyang aklat sapagkat siya nga ay bata pa sa larangan ng pagiging tao at kailan lamang din nagsimulang matuto tungkol sa mga kalakaran ng buhay-tao.

Lalo't higit ay tinanggihan niya ang pumasok sa pulitika kahit pa ano'ng udyok sa kaniya ng mga pulitikong paroo't parito sa kanilang tahanan upang akitin siya ng kapangyarihan, pribilehiyo o kayamanan—subalit wala sa mga iyon ang puso't isipan niya, bagamat hindi niya ito sinabi sa kanila sapagkat nagdadalawang-isip siya kung may kapasidad ba ang mga pulitiko upang maintindihan siya. At dahil siya nga ay daga, naisip din nilang hikayatin siya sa pamamagitan ng marami at masasarap na pagkain, subalit natawa lamang siya sa pang-aakit nilang ito sapagkat sa tahanan lamang nila ay marami nang pagkain, at ang mga daga naman daw ay hindi mapili kung alin ba ang masarap o hindi pagdating sa pagkain.

Maayos na sana ang lahat para sa daga, dangan lamang at ang mga pulitiko ay kinasangkapan ang kaniyang mga kapatid. At ang mga ito ay hinimok siyang tumanaw man lang ng utang na loob at pumayag nang maging *mascot* man lang ng gobernador sa pagtakbo nito para maging senador ng bansa. Noon niya natutunan ang konsepto ng "utang na loob" ayon sa baluktot na pagkakahulugan nito, at pumayag na rin siya kahit pa labag iyon sa kaniyang kalooban. Nalibot niya ang halos buong Pilipinas para lamang mangampanya, at kasa-kasama niya ang mga kapatid, at saan man siya maparoon, siya ay dinudumog ng mga tao, at sa magkagayon nga'y ang gobernador ay dinudumog din. At sa lahat nang ito'y iba't ibang tao ang nakasalamuha niya mula sa iba't ibang antas ng lipunan.

Subalit ilang araw pa lamang ay alam na alam na niya kung ano ba ang nangyayari sa kasalukuyan, at nababasa na rin niya kung anu-ano ba ang susunod na mga pangyayari sa kanilang pangangampanya, at dahil dito, siya ay nagsimulang mabagot. Ngunit natapos din naman sa wakas ang pangangampanya ng gobernador, at sa huli'y nanalo naman ito, at ngayon nga, siya, sampu ng kaniyang pamilya, ay may ispesyal nang puwang sa kampo ng nanalong senador.

Si Greg ngayon ay para nang isang hiyas na pinakaiingat-ingatan ng lahat, hindi lamang sa kanilang lalawigan kundi pati na rin sa buong bansa. Siya ay itinuturing na *"lucky charm"*—sapagkat swerte at tanging swerte raw ang dala niya sa lahat. Sa kabisera ng lalawigan, sa isang pangunahing kalsadang malapit sa plaza ng bayan, pinatayuan siya ng pamahalaan ng sarili niyang bahay. May kalakihan din ang bahay—mas malaki sa tinitirhan ng kanilang pamilya—may dalawang palapag, at may anim na kwarto (para sa kaniya, sa kaniyang ama, at sa kaniyang apat na kapatid). Sa harap ay may isang maliit na hardin na nababakuran ng isang mababang bakod, at sa ikalawang palapag, sa bandang harapan nito, ay isang asotea na dumudungaw at kitang-kita rin naman mula sa kalsada sa ibaba. At sa bahay na ito, siya ay araw-araw na pinupuntahan ng tatlong taga-silbi: isang kusinera, isang tagalinis at isang tsuper/hardinero.

Ang titulo ng pag-aaring ito ay opisyal nang nakapangalan kay Greg, at si Greg naman ay inaasahang mananatili rito nang limang araw kada isang linggo, at wala itong ibang gagawin kundi ang dumungaw mula sa asotea at kumaway sa mga

turistang nakatakdang dumaan sa harapang kalsada. At sa ganito kasimpleng gawain, siya ay nakatatanggap ng sahod, at hindi niya alam kung ano ang gagawin sa ganoon kalaking sahod (P15,000 kada buwan) at naisipan na lamang niyang bumili ng mga libro mula sa kalapit na *shopping mall*, o 'di kaya'y ibili ng regalo ang Tatay o ng mga pasalubong ang mga kapatid at pamangkin.

Dito na rin sa bahay na ito nagpaunlak si Greg ng mga panayam sa mga lokal at internasyonal na *media* at maging sa mga siyentipiko sa loob at labas ng bansa na ang tanging ginagawa lamang ay ang kapanayamin siya at kunin ang kaniyang istatistika. Para kay Greg, isa pa rin siyang daga na nakapukaw sa atensyon ng siyentipikong komunidad. At dahil lahat halos ng mga siyentipikong nakilala niya ay naging mabait sa kaniya, tumatanaw din siya ng utang na loob sa mga ito at nagpapaubaya siya sa mga ito upang maobserbahan at mapag-aralan siya, bagay na hindi naman labag sa kaniyang kalooban sapagkat umaasa siyang sa pamamagitan niyon ay lalong lalawig at lalalim pa ang pang-unawa ng tao sa mga hayop, sa kalikasan at sa kapaligiran.

Isa—dalawa—maraming taon ang lumipas. Lalong sumidhi ang pagkabagot ni Greg sa araw-araw niyang buhay. Tanging ang mga librong binabasa niya—mga aklat sa pilosopiya, panitikan, kahit sa kultura at siyensa, atbp.—ang nakapagpapagaang ng kaniyang kalooban sa araw-araw niyang buhay. Dito, sa bahay niyang ngayo'y halos isa nang maliit na aklatan dahil sa dami ng kaniyang libro, napagtanto niya: ang isip ng tao—o ng isang daga (sa kaso niya)—ay may hindi-matatawarang kalayaan, bagamat ang kalayaang ito ay hindi rin naman niya makakamtan kailanpaman. At lalo siyang

nalungkot sa diwang ito na gusto niyang pasubalian subalit hindi niya magawa, dahil naiisip din niyang marahil ay narating na niya ang rurok ng kaya niyang marating bilang dagang nagbubuhay-tao, na wala na siyang magagawa pa upang makamtan ang kalayaan mula sa buhay na iyon na ngayon ay parang bilangguan na lamang na sumusukol sa pisikal niyang katawan.

Nang nakaraang araw lamang ay may nagpakilala sa kaniyang isang babaeng reporter. Ang babae ay mula sa *magazine* na *Life & People*, at nais sana nitong makapanayam siya, at kung sakaling papayag siya'y, sa kauna-unahang pagkakataon, isang daga ang mapapalathala sa pabalat ng kanilang babasahin. Mabait ang babae, magaang kausap at palangiti, at hindi mawari ng daga kung bakit siya pumayag sa panayam, kahit pa noong mga panahong iyon ay wala siyang ganang makiharap sa kahit na kanino dahil sa pinagdadaanan niyang depresyon.

Kung kaya naman, nang sumunod na araw nga'y dumating ang babae, at tinanggap naman niya ito. May edad na ang babae at simple lamang ang ayos at pananamit. Subalit kahit pa, may bukas ang mukha nito na tila nakaranas—at naka-alpas—na sa maraming pagsubok sa buhay. At ang maingat at malinaw na pagsasalita nito sa mababa ngunit malamyos na tinig ay nagpapahiwatig ng katalinuhan at malalim na pang-unawa. At kinapanayam nito si Greg na wari'y isa rin siyang tao—isang *tunay* na tao—at sa kabila ng kaniyang pagsisikap na ikubli ang tunay na nararamdaman ay hindi na napigilan pa ni Greg ang mapaluha at tuloy, 'di-sinasadyang nabanggit niya sa babae ang pagnanais niyang makabalik sa dati niyang

anyo at ang maka-alis na sa mundong iyon na bagamat binigyan siya ng puwang ay tila pinagkaitan naman siya ng kasarinlan at layunin sa buhay.

At nadama naman ng babae ang bigat ng kalungkutang pasan-pasan niya, at sa pagka-antig nito sa narinig ay nangilid din ang luha sa mga mata nito at, parang isang magulang, ibinalot nito ang mga palad sa nanlalamig na mga kamay ng daga, at nadama ni Greg ang init sa mga palad ng babae at sukat doo'y naalala niya ang hiwa ng tinapay na kinakain niya mula sa palad ng Tatay noong gabing una silang nagkita. At sa kauna-unahang pagkakataon ay naranasan ni Greg ang makatanggap ng pagmamalasakit at pagdamay, at nang mga sandaling iyon, nahinuha ni Greg ang isang *maaaring* dahilan kung bakit siya napunta sa bahay na iyon ng mga tao . . . at kung bakit at paano siya naging tao.

Nakiusap si Greg sa babae na ituloy na lamang nila sa ibang araw ang panayam, bagay na naintindihan naman ng babae kung kaya't nagpaalam na rin ito. Noon di'y umalis si Greg sa bahay niya sa kabisera, dali-daling nagpahatid pauwi sa bahay ng kinikilala niyang ama. Hapon na nang makarating siya sa dati niyang tinitirhan at doo'y nadatnan niya ang amang nakaupo sa paborito nitong upuan, kapiling ang ilang pamangkin, hinihintay ang pagdating ng magkakapatid mula sa sari-saring negosyong ipinagkaloob sa kanila ng dating gobernador.

At nalaman ni Greg na may ilang araw na palang maysakit ang Tatay, at sa hapis na mukha nito'y noon lamang nabanaag ni Greg ang bakas ng napakaraming taon, at

napagtanto niya na ngayon nga, gaya nang una nilang pagkikita, ay kailangan nitong muli ng karamay.

At natuwa naman ang Tatay sa biglaang pagdalaw niya, at sila ay nagkumustahan, at muli ay nanumbalik ang init ng kanilang pagsasamahan. At nang dumating na nga ang magkakapatid ay nagalak din ang mga ito pagkakita sa kaniya, sapagkat may ilang linggo na rin daw siyang hinahanap-hanap ng kanilang ama, at ngayon ngang nakadalaw na siya ay nakita nila ang bahagyang pagsigla ng matanda.

Doon na rin nagpalipas ng gabi si Greg sa bahay nilang iyon, at sa isang mensahe sa isang kawani ng munisipyo, ipinasabi niya na hindi raw muna siya uuwi sa bahay niya sa kabisera sapagkat ang Tatay ay maysakit at nais niyang manatili sa tabi nito hanggang sa ito ay gumaling. Wala naman daw siyang dapat na ipag-alala, sagot sa kaniya ng kawani, at sinabihan pa siya na kung kinakailangan daw na dalhin sa ospital ang kanilang ama ay magpasabi lamang ito. Iyon din sana ang nais na mangyari ni Greg, subalit mismong ang Tatay na ang tumangging magpadala sa ospital. "Hindi na," wika nito sa kaniya, "sapat na ang naging buhay ko, at ako nama'y labis na pinagpala." At sa ganoong salita ay napaluha ang daga sapagkat ang Tatay ay naghahanda nang mamatay, at ang Tatay naman ay inalo siya at sinabihang hindi siya dapat na malungkot bagkus ay maging masaya sapagkat malapit nang sumapit ang kalayaan ng kaniyang kaluluwa.

At sa magkagayon nga ay naunawaan ng daga ang isa sa mga mahahalagang aral ng buhay ng tao. Na ang buhay ay hindi tungkol sa pagkakaroon ng kalayaan,

lalo’t higit ay hindi ito tungkol sa kayamanan o sa kung anupamang kaligayahang pinagsusumikapang makamtan ng napakaraming tao. At buhat nga noon ay lalo niyang pinagbuti ang pag-aalaga sa ama, ibinibigay ang lahat ng kailangan nito, at higit sa lahat, sinasamahan at kinakausap niya ito sa mga panahong tila nais nitong makipag-usap, at hinahayaan namang mag-isa sa tuwing nais nitong mapag-isa. At hindi nga naglipat ng buwan at ang Tatay ay namatay na rin, at ang lamay at libing nito ay kagaya rin ng sa kaniyang asawa—balot pa rin ng sari-saring pamahiin—bagamat dinaluhan na mas marami pang tao dahil na rin sa kasikatan ng daga at sa mga artista at pulitiko.

At doon napagtanto ni Greg ang kahalagahan ng mga pamahiin, na higit sa inaakala ng lahat, ang mga ito ay pagbibigay-galang at pagbibigay-tanda sa mga pagsisimula at pagtatapos, sa mga malulungkot at masasayang bahagi ng napakaikling buhay ng tao, at higit sa lahat, ang mga ito ay para sa kapanatagan ng mga patuloy na nangabubuhay, na ang mga ito’y may tinutugunang pangangailangan, at ang mga ito ay pawang magaganda kung uunawain lamang.

Ang Tatay ay inilibing nila sa tabi ng puntod ng Nanay, at ang libingan ay nasa gilid ng isang burol, at ang burol ay nakatanaw sa isang bukid.

Pagkatapos niyon ay bumalik na muli si Greg sa kabisera. Ang pagkabagot na dati niyang nadarama ay napalitan ng bagong sigla, at sa tuwing may mga turistang napapadaan sa kalsada sa harap ng bahay niya, nakangiting kinakawayan niya ang mga ito, lalupa’t may mga kasama itong mga bata na minsa’y kinakausap pa niya,

binibilinang mag-aral na mabuti, at maging mabait at mapagmahal. At ang babaeng reporter ay ipinatawag din niya upang maisagawa na rin nito ang panayam na noong una'y hindi natuloy, at nang dumating nga ito at kinapanayam siya, magiliw niyang sinagot ang maraming tanong nito, at sa lahat ng ito, alam na alam niya ang gusto niyang sabihin.

At sa mga siyentipiko'y buong katapatan niyang sinabi na walang saysay ang siyensa kung mababaw at walang bunga ang pagkakaunawa nito tungkol sa pagmamahal, at sa mga pulitiko nama'y nagdadahilan na lamang siyang maysakit o 'di kaya'y may ibang pinagkaka-abalahan—isang libro na isinusulat niya na nahihirapan siyang tapusin—sapagkat ibang-iba ang layunin ng mga ito mula sa napagtanto niyang layunin niya sa buhay, at sa pagsama-sama niya sa mga ito ay nanghihinayang siya sa nasasayang na panahon, kung kaya't bihira na siyang maanyayahan ng mga ito sa kanilang mga pagdiriwang o kung anupamang pagtitipong politikal.

Lingid sa kaalaman ng munisipyo, palihim na inihabilin ni Greg sa isang abugado na ang bahay niya sa kabisera ay gagawin na lamang isang pampublikong aklatan at museong pang-kaalaman para sa mga bata oras na siya ay mawala, at ito ay pinagtibay niya gamit ang sariling lagda na siya namang sinaksihan ng kaniyang ninong na dating pangulo ng bansa. At parsyal na ibinukas nga niya ang unang palapag ng bahay na iyon bilang isang aklatan, bagay na hindi naman tinutulan ng lokal na pamahalaan, at paminsan-minsa'y nakikihalubilo siya sa mga batang naroroon at ang karamihan sa kanila ay kaniyang naging kaibigan.

Paminsan-minsa'y dumadalaw pa rin siya sa bahay ng ama at ng kaniyang mga kapatid, at naging marangya na nga ang bahay na iyon dahil ipinaayos ng magkakapatid at hinati-hati na para sa kanilang lima, subalit hindi na alintana pa ng daga na makihati pa sa kanila at hinayaan na lamang niyang gamitin nila ang bahagi niya ng bahay bilang imbakan ng mga lumang gamit. At sa tuwing dumadalaw siya roon ay dumadalaw rin siya sa puntod ng Tatay at sinasamahan naman siya roon ng ilang pamangkin.

Isang araw, matapos niyang magdasal sa libingan ay nakaramdam siya ng kakaibang kaligayahan sa kaniyang sikmura at dibdib. Tumalikod siya mula sa puntod upang harapin ang malawak na bukirin sa bandang ibaba ng burol. Noon ay nasa kanlurang bahagi na ng langit ang araw at ang maliwanag na sinag niyon ay nagpapakinang na parang ginto sa mga palay na malapit nang anihin. Napangiti siya sa nakikita, at sa gayong kalagayan niya'y tinanong siya ng mga pamangkin kung bakit daw po siya natatawa, at sinagot niya sila at sinabing, "Doon—doon ako nanggaling," sabay turo sa malawak na bukirin.

At isa-isa niyang hinaplos ang buhok ng mga pamangkin at pagkatapos, kawangis ng isang tunay na daga, bumaba siya sa burol gamit ang apat na paa, at nagtuloy-tuloy siya sa pagbagtas sa mga palayan, palayo nang palayo at paliit nang paliit sa pananaw ng kaniyang mga naiwang pamangkin.